Ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay nagbabasa sa dasal ng Fajr sa araw ng Jumuah ng:{Alif,Lam,Mim,Ang pagkapahayag ng Aklat (Qur-an) ay walang pag-aalinlangan na nagmula sa Panginoon ng lahat ng mga nilalang} at {Hindi baga dumatal sa ang isang panahon na siya ay hindi [man lamang] isang bagay na nababanggit?}

Ayon kay Abū Hurayrah, malugod si Allah sa kanya-Nagsabi siya:((Ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay nagbabasa sa dasal ng Fajr sa araw ng Jumuah ng:{Alif,Lam,Mim,Ang pagkapahayag ng Aklat (Qur-an) ay walang pag-aalinlangan na nagmula sa Panginoon ng lahat ng mga nilalang} at {Hindi baga dumatal sa ang isang panahon na siya ay hindi [man lamang] isang bagay na nababanggit?}
[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Kabilang sa nakaugalian ng Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay ang pagbabasa sa dasal ng Fajr sa araw ng Jumuah ng Kabanata ng As-Sajdah sa kabuuan nito at ito ay sa unang tindig pagkatapos ng Al-Fatihah,At binabasa niya sa ikalawang tindig pagkatapos ng Al-Fatihah,ay kabanata ng Al-Insan sa kabuuan nito,bilang pag-aalaala sa nasasakupan ng dalawang kabanata na ito mula sa Napakalaking Pangyayari na naganap at ito ay magaganap sa araw na ito,tulad ng paglikha kay Propeta Adam,At ang pag-aalaala sa pagbabalik [kay Allah] at Ang Pagtitipon ng mga alipin,at ang mga kalagayan sa Muling Pagkabuhay,at ang iba pa nito.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/5320